

Ano ang kailangan mo
malaman tungkol sa...

Paano Magbigay sa Inyong Anak ng Pangsanggol TYLENOL®

Kung ang inyong sanggol ay may pananakit o lagnat, maaaring mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagbigay ng gamot — lalo na kung ito ay ang unang pagkakataon. Mas mahalaga, tiyakin na palaging basahin at sundin ang etiketa—upang hindi sobra sa gamot o masyadong madalas ang inyong pagbibigay ng gamot. **Ang mga hakbang na ito ay makakatulong sa inyo na maging kampante tungkol sa pagbibigay ng Pangsanggol na TYLENOL®**



*Gamitin lang ayon sa direksiyon.

Hakbang 1—Tanungin ang Inyong Doktor

Bago magbigay ng Pangsanggol TYLENOL® sa isang sanggol na mas bata sa dalawang taon, dapat ninyong **tanungin ang inyong doktor kung gaano kadami ang dapat ibigay**. Ang tamang dosis ay batay sa kasalukuyang bigat at edad ng inyong sanggol. Kaya't hilingin sa inyong doktor na isapanahon ang wastong dosis sa susunod na pagkakataon na ibigay ninyo ang Pangsanggol na TYLENOL®.

MAKAKATULONG NA KAALAMAN: Kung tatawagan ninyo ang opisina ng inyong doktor para sa tamang dosis, dapat hawak mo ang bote ng gamot.

Hakbang 2—Sukatin ang Tamang Dami

Palaging gamitin ang SimpleMeasure® na hiringgilya na kasama sa loob ng pakete.

-  **Palabasin ang hangin sa hiringgilya**
-  **Ipasok ang dulo ng hiringgilya sa binubuksan na bahagi ng bote**
-  **Baliktarin ang bote**
-  **Hilain ang dilaw na bahagi ng heringgilya sa tamang dosis**

MAKAKATULONG NA KAALAMAN: Itago ang SimpleMeasure® na hiringgilya at Pangsanggol na TYLENOL® sa orihinal na kahon na magkasama pagkatapos gamitin. Huwag kailanmag gumamit ng ibang pangsukat sa gamot na ito.

Hakbang 3—Ibigay ang Gamot

- Hawakan ang inyong anak ng patayo.
- Ibigay ang likido ng dahan-dahan sa loob ng bibig ng bata patungo sa loob ng pisngi.

MAKAKATULONG NA KAALAMAN Kung dinura ng inyong sanggol ang ibang gamot, huwag magbigay ng karagdagan! Maghintay hanggang oras na ng kasunod na dosis.

Tulong para sa mga sanggol na masyadong maselan sa gamot

- Kung ang inyong sanggol ay may gawi na idura ang gamot, dahan-dahang sabay na pisilin ang kanyang mga pisngi habang ipinapainom ang likido. Bubuksan nito ang bibig ng sanggol at gagawing mas mahirap itong idura.
- Kung ayaw ng sanggol ninyo ang lasa ng gamot, ikonsidera na sundan ang pagbibigay ng isang masarap ng inumin. (Ang mga mas matatandang sanggol ay maaaring dumila ng konti sa isang ice pop o iba pang malamig na pagkain para mamahid ng konti ang dila bago inumin ang gamot.)



I-download ang LIBRENG Kid's Wellness Tracker

Subaybayan ang taas, bigat, BMI, mga bakuna, mga sintomas, at mga gamot, at ikalkula ang dosis.



Mga Makakatulong na Kaalaman sa Kalusugan galing sa McNeil Consumer Healthcare Division ng McNEIL-PPC, Inc., ang manggagawa ng Pambatang TYLENOL® at Pambatang MOTRIN®

Ang App Store ay isang paglilingkod na tatak ng Apple Inc. Ang Google Play ay isang tatak-pangkalakal ng Google Inc. Maaaring gamitin ang mga standard na presyo sa pag-download.

©McNEIL-PPC, Inc. 2015

MHP-031T